KINDERGARTEN

Public education
**Discover a world of opportunities**

# PAGSULAT AT PAGBAYBAY: PAG-AARAL SA TAHANAN

## MGA IDEYA UKOL SA PAGSULAT AT PAGBAYBAY

**Makinig**

Sabihin ninyo sa inyong anak na makinig at magsalita. Ang batang magaling magbaybay kadalasan ay magaling magsalita.

**Magbasa kayo na magkasama**

Magbasa kayo ng mga aklat ng alfabeto, mga aklat ng mga kuwento at mga kard ng kaarawan kasama ng inyong anak. Paulit-ulit ninyong basahin at kantahin na magkasama ang mga pambatang tula. Ituro ninyo ang mga salita na madaling ibagay sa mga litrato gaya ng *pusa (cat)* at *sumbrero(hat)*. Tulungan ninyo siyang malaman ang mga nagbabagay na salita sa pamamagitan ng kanyang pakikinig sa inyong sinasabi sa kanya.

**Ang kakayahang bumasa at magbaybay ay dalawang pamamaraan na nangangailangan ng panahon. Natututo ang mga bata sa iba-ibang paraan at iba-ibang tulin. Maging matiyaga kayo at laging purihin ang kanyang mga pagsisikap – malaking hakbang ito sa pagpapakontrol ng maliliit na mga daliri ang lapis o krayola.**

**MAGSULAT KAYO NA MAGKASAMA**

Magkasama kayong magsulat ng mga salita. Tulungan ninyo ang inyong anak na sundan ng kanyang daliri ang hugis ng mga titik habang sinasabi ninyo nang malakas ang bawat titik.

**Mahalaga ang pagbaybay**

Magkasama ninyong tatakan ang mga gamit ng inyong anak, halimbawa tulungan ninyo siyang isulat ang kanyang pangalan sa kanyang mga aklat at sa mga laruan. Pinapakita nito na ang pagbaybay ay makahulugan.

**Larawan sa salamin**

Pasalaminin ninyo angg inyong anak upang makita niya kung paano gumagalaw ang kanyang bibig. Kadalasan nakakatulong ito kung sakaling maguluhan siya sa ilang mga tunog gaya ng *f* at *th*.

**Mga larong pagbabagay**

Maglaro kayo ng mga larong ukol sa salita gaya ng mga kalokohang salitang *puppy schmuppy*. Maglaro kayo ng mga larong pagbabagay kung saan sinasabi ninyo nang malakas ang mga salita.



Department of **Education**

**Makakakita kayo nang higit pa mga pahina ng mga impormasyon ukol sa pantahanang pag-aaral sa education.wa.edu.au.**

© Department of Education, Western Australia, 2015